タガログ語

Taong, Hesei 29, Sept,15

平成２９年９月１５日

Sa lahat ng Magulang at Guardian

Lupon ng edukasyon sa lunsod ng Tsu

Dahil sa pag-papalipad ng rocket missile

Dahil sa balitang pag-papalipad ng rocket missile, Ipinapaalam sa lahat ang tungkol sa ( Madaliang sistema sa pagpapadala ng babala).o kung tawagin ay [J Alert] upang matiyak ang kaligtasan ng lahat.

Kapag nagpalabas ng alarmang babala o emergency ang Mieken, Susundin ang sistema ng J alert (Madaliang sistema sa pagpapadala ng babala). Eto po ang magiging korespondeng gagawin katulad ng nakasulat sa itaas.

記

1 Kapag nagbaba ng babala tungkol sa J Alert bago makapasok sa eskwela, Lumagi sa loob ng bahay.

Ang iba pang gagawin sa pagpasok ay kapag napag-alaman na hindi na delikado, mag papadala ng mail sa iba-ibang eskwelahan o di kayay itatawag sa bawat tahanan.

2 Kapag nasa kalagitnaan ng pag-uwi at pag-pasok sa eskwelahan, at nagkaroon ng babala ang J Alert, magtago sa mga gusaling matitibay, at kung wala kayong makikitang mapagtataguan,Takpan ang katawan at yumuko na nakatakip ang ulo, iwasan ang panganib. Pagsabihan din ang anak sa loob ng tahanan.

3 Kapag nakapasok na sa eskwelahan at nagbigay ng babala ang J Alert, ilikas ang mga bata sa loob ng eskwelahan. Siguraduhin ang kaligtasan. Ang mga susunod pang gagawin ay magpapadala ng emergency mail o tatawag sa telepono ang bawat eskwelahan. Depende sa sitwasyon, maaring ganapin o gawin ang pagsundo(hand over) sa magulang ng mga bata.

※Ang J Alart ay isang babala para sa Rocket missile, upang maipadala ang impormasyon tungkol sa mga kaganapan na walang kinikilingang oras.

Eto ay sistemang pamamaraan upang maipahatid ng mabilisan ang babala o (emergency) na balitang kinakailangan malaman para sa lahat ng mamamayan ng bansa.

Ang mga ganitong katugunan ay kinuha naming halimbawa sa site ng Kokuminhogoportal site (http://www.kokuminhogo.go.jp/)